9

# FILIPINO 9
# PANITIKANG ASYANO

## UNANG MARKAHAN–Modyul: 5
## TULA



SELF-LEARNING MODULE

SLM

DEPARTMENT OF EDUCATION - SOCCSKSARGEN

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Panitikang Asyano**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 5: TULA**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Rosalie N. Espanola

**Editor:** Lips F. Hiso, Perlyn Joy E. Gregorio

**Tagasuri:** Evelyn C. Frusa PhD, Prima A. Roullo, Rolex H. Lotilla, Arvin M. Tejada

**Tagaguhit:**

**Tagalapat:** Kent M. Corpuz

**Pabalat na may Malikhaing Disenyo:** Reggie D. Galindez

**Tagapamahala:** Allan G. Farnazo, CESO IV – Regional Director
Fiel Y. Almendra, CESO V – Assistant Regional Director
Crispin A. Soliven Jr., CESE – Schools Division Superintendent
Roberto J. Montero, EdD, CESE – Asst. Schools Division Superintendent
Gilbert B. Barrera – Chief, CLMD
Arturo D. Tingson Jr. – REPS, LRMS
Peter Van C. Ang-ug – REPS, ADM
Leonardo B. Mission - REPS, Filipino
Belen L. Fajemolin PhD – CID Chief
Evelyn C. Frusa PhD – EPS, LRMS
Bernardita M. Villano –Division ADM Coordinator
Prima A. Roullo - EPS, Filipino

**Inilimbag sa Pilipinas ng Department of Education - SOCCSKSARGEN Region**

Office Address: Regional Center, Brgy. Carpenter Hill, City of Koronadal
Telefax: (083)228-8825/ (083)228-1893
E-mail Address: region12@deped.gov.ph

9

# Panitikang Asyano

## Unang Markahan – Modyul 5:

## Tula

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 9 Panitikang Asyano ng Self-Learning Module (SLM) para sa araling 5 Tula!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinagtagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pang-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit na paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.


Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino 9 Panitikang Asyano ng Self-Learning Module (SLM) ukol sa Tula !

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | | |
|---|---|---|
|  | ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
|  | ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
|  | ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
|  | ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
|  | ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |

| | |
|---|---|
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.

4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

Magandang araw sa iyo! Masaya ako at ikaw ay nasa ikasiyam na baitang na. Alam ko na maging masaya at kawili-wili ang ating talakayan sa modyul na ito.

Naghanda ako ng mga gawain at inaasahan ko na magagawa mo ito lahat. Huwag kang mag-alala, tutulungan kitang mapadali ang iyong pagkatuto.

Magandang araw sa iyo! Masaya ako at ikaw ay nasa ikasiyam na baitang na. Alam ko na maging masaya at kawili-wili ang ating talakayan sa modyul na ito.

Naghanda ako ng mga gawain at inaasahan ko na magagawa mo ito lahat. Huwag kang mag-alala, tutulungan kitang mapadali ang iyong pagkatuto.



## *Alamin*

Ang modyul na ito ay nagtatalakay sa isang akdang pampanitikang tula na naglalarawan ng buhay, hinango sa guni-guni, pinararating sa ating damdamin at ipinahahayag sa pananalitang may angking aliw-iw. Mabisang paraan ng pagpapahayag ng mga kaisipan, damdamin, imahinasyon, at mithiin sa buhay.

Mararanasan mong maging manunulat at mambibigkas ng tula tungkol sa pagpapahalaga sa pagiging mamamayan ng bansang Asyano.

### *Panimula*

1. Natutukoy ang mga salitang magkasingkahulugan mula sa tula at naibibigay ang konotasyon at denotasyon na kahulugan.
2. Nakapagbabahagi ng sariling karanasan na may kahalintulad mula sa tula.
3. Naiuugnay ang sariling damdamin sa damdaming nakita sa tula.

   Naisusulat ang ilang taludtod tungkol sa pagpapahalaga sa pagiging mamamayan ng rehiyong Asya.

## *Subukin*

Pangkalahatang Panuto:

Isulat ang titik ng napili sagot sa iyong *activity notebook*. Bahagi ng pagsusulit ang pagsunod sa panuto.

1. Ang isang akdang pampanitikang naglalarawan ng buhay, hinango sa guni-guni, pinararating sa ating damdamin at ipinahahayag sa pananalitang may angking aliw-iw.

   A. Maikling Kuwento  
   B. Nobela  
   C. Sanaysay  
   D. Tula

2. Hanapin ang salitang magkasingkahulugan sa taludtod. Isulat ito sa iyong *activity notebook.*

   Ang kultura'y pinayayabong  
   Nang may halong sigla at tuwa

3. Ang tulang naglalarawan ng pagpapahalaga o pagmungkahi ng makata o akda sa isang pook o pangyayari ay tinatawag na tulang ___________.

   A. mapang-uroy  
   B. mapaglarawan  
   C. mapang-aliw  
   D. mapangpanuto

4. Sayang , kung alam ko lang na ganito ang tingin nila sa amin, di na sana ako umalis ng bansa. Anong damdamin ang ipinahahayag sa pangungusap?

   A. pagkagalit  
   B. panghihinayang  
   C. pagkatuwa  
   D. pasasalamat

5. *"Ang ngiti ni Ina ay <u>patak ng ulan</u> kung tag-araw,*  
   *Ang bata kong puso ay tigang na lupang uhaw na uhaw…"*  
   Ang sinalungguhitang pahayag ay nagpapahiwatig ng _______.

   A. pagdurusa  
   B. kaligayahan  
   C. kalutasan  
   D. kalungkutan

"

Para sa bilang 6-7

| |
|---|
| Isa sa pinakamahusay na mang-aawit sa Asya si Sitti Nurhaliza mula sa bansang Malaysia. Nagkamit siya ng iba't ibang awit-parangal hindi lamang sa kaniyang bansa kundi maging sa internasyonal na <u>patimpalak</u>. Isa na rito ang titulong "Voice of Asia" nang makamit niya ang Grand Prix Champion mula sa Voice of Asia Singing Contest na ginanap sa Almaty, Kazakhstan. |

6. Maituturing na salitang naglalarawan ang ___________.
   A. pinakamahusay  C. nagkamit
   B. ginanap  D. patimpalak

7. Ang salitang nasalungguhitan sa sanaysay ay nangangahulugang ___________.
   A. pag-eensayo  C. pamahiin
   B. paligsahan  D. programa

8. Ang tulang isinulat ni Pat V. Villafuerte na may pamagat na "Kultura: Pamana ng Nakaraan, Regalo ng Kasalukuyan at Buhay ng Kinabukasan" ay nagpapahiwatig na ang kultura ay ________.
   A. nagbabago  C. naaalis
   B. di nagpapalit  D. di itinuturo

9. Mula sa tulang Puting Kalapati, Libutin Iyong Sandaigdigan ni Usman Awang (malayang isinalin ni A.B Julian)

   *Sa mga pangyayaring walang katiyakan,*
   *Kung saan ang tao'y naghihinala't tuwina'y may agam-agam*

   Ano ang damdaming ipinapakita sa tula?

   A. mapanlinlang  C. pag-asa
   B. walang katiyakan  D. sigurado

10. "*Nang Tumuntong ako ng ikalabindalawang taong gulang, ako ay itinali sa bahay*". Batay sa pahayag, ano ang karanasang dinanas ng nagsasalaysay?
   A. malaya  C. walang kalayaan
   B. masaya  D. takot

| Aralin 5 | TULA |
|---|---|

Ang araling ito ay naglalaman ng tula ni Pat V. Villafuerte na pinamagatang "Kultura: Ang Pamana ng Nakaraan, Regalo ng Kasalukuyan at Buhay ng Kinabukasan". Bahagi ng aralin ang paglalakbay sa mga salitang naglalarawan na makatutulong sa pagpapahayag ng damdamin sa pagbuo ng isang komentaryo.

Sa pagtatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang makapagpapahayag ng iyong sariling opinyon, karanasan at damdamin na naglalarawan hinggil sa kalagayan ng sarili mong lugar o napapanahong isyu sa kasalukuyan.



## *Balikan*

Sa nakaraang aralin ay natutunan mo ang kahalagahan ng nobela bilang isang akdang pampanitikan gamit ang mga pahayag na ginagamit sa pagbibigay ng opinyon at mga wastong gamit ng salita.

Ang lahat ng iyong natutunan ay makatutulong upang matukoy mo ang pagkakaiba ng tula sa iba pang uri ng panitikan.

Sikapin mong sagutin ang mga tanong na nasa ibaba kung maaalala mo pa ang mga natalakay sa ibang aralin hinggil sa pagbibigay ng kahulugan ng salita. Piliin sa ibaba ang iyong sagot at isulat ito sa iyong *activity notebook.*

A. konotasyon
B. denotasyon

1. Ang aktwal na kahulugan o kahulugang pangdiksyunaryo ay tinatawag na____________________.
2. Ang kahulugan ng salita ay ayon sa gamit at pagkakaugnay na ipinahihiwatig sa ibang salita.
3. Ang literal na kahulugan ng salita.
4. Ang pansariling kahulugan ng isa o grupo ng tao sa isang salita.
5. <u>Ikaw</u> ang ilaw ng kanyang buhay. Ang salitang may salungguhit sa pangungusap ay nagsasaad ng _________.

## *Tuklasin*

Sa kasunod na mga gawain, tutuklasin natin kung may alam ka na sa pagkakaiba ng tulang naglalarawan sa iba pang uri ng tula ayon sa layon.

**KULTURA: Ang Pamana ng Nakaraan, Regalo ng Kasalukuyan at Buhay ng Kinabukasan**

Ni. Pat V. Villafuerte

Noon, ang bawat paghakbang ay isang pagtalunton,
Isang pagtahak sa matuwid na landas upang marating ang paroroonan
Gaano man ito kalapit, gaano man ito kalayo
Gaano man ito kakitid, gaano man ito kalawak
Kaunti man o marami ang mga paang humahakbang
Mabagal man o mabilis, pahintu-hinto man o tuloy-tuloy
Ang bawat paghakbang ay may patutunguhan.
Ang bawat paghakbang ay may mararating.
Ang bawat paghakbang ay may pagsasakatuparan.
Hindi na mabilang ang paghakbang na naganap sa ating kasaysayan
Paghakbang na pinuhunan ng pawis, dugo, at luha
Paghakbang na kinamulatan ng maraming pagsubok,
Pangamba, at panganib
Mula pa sa panahon ng kawalang-malay
Hanggang sa panahon ng walang humpay na pananakop,
Digmaan, at kasarinlan
At hanggang sa kontemporaryong panahon ng makinasyon
Sumibol ang kayraming kulturang sinagkutsa sa ating diwa't
Kamalayan kulturang may ritmo ng pag-awit, may kislot ng pagsayaw,
May haplos ng pag-aalay, may lambing ng panunuyo,
At tangis ng pagmamaalam.
Ito ang ating tinalunton, ito ang bunga ng ating paghakbang:
Ang kulturang ipinamana sa atin ng nakaraan.

Ngayon, sa panahon ng pagkamulat at maraming pagbabago,
Binhing nakatanim ang maraming kulturang
Nag-uumapaw sa ating diwa
Nagbabanyos sa ating damdamin
Nag-aakyat sa ating kaluluwa
Sinubok ng maraming taon
Inalay sa mga bagong sibol ng panahon
Anumang kulay, anumang lahi, anumang edad, anumang kasarian

Ang kultura'y pinayayabong
Nang may halong sigla at tuwa,
Nang may kasalong pagsubok at paghamon
Kulturang sinuyod ng kapuri-puring ugali at marangal na kilos
Kulturang nihain ng pagsamba't prusisyon
Kulturang sinasalamin ang pasko't pistang-bayan
Kulturang pinaawit ng pasyon at pagsasabuhay ng Poon
Kulturang patuloy na sumibol at ipinapupunla ng tradisyon:
Pampamilya, pang-eskuwela, pampolitika, panrehiyon, at Pambansa
Na dinidilig ng maraming pagpapaalala, paggabay, at patnubay
At pinayaman ng makukulay na karanasan
Kulturang inihain at tinanggap, sinunod, at isinakatuparan,
Ito ang regalo ng kultura
Regalo ng kasalukuyan.

Bukas, ang kulturang itinudla ng nakaraan
At iniregalo ng kasalukuyan ay bubuhayin ng kinabukasan
At mananatiling repleksyon ng kabutihan
Kulturang gagalang sa mga bata't matanda
Kulturang rerespeto sa mga babae't may kapansanan
Kulturang luluklok ng pagbabayanihan at pagkakapatiran
Kasaliw ang mga awiting bayan at katutubong sayaw
Katali ng pagsasadula't pagbabalagtasan
Diwang marangal ang ipupunla kariringgan ng maraming wika
Magkakapantay sa Kalayaan at Karapatan
Magsasama-sama, magkakapit-bisig, magtutulung-tulungan
Habang patuloy na humahakbang upang galugarin pa
Ang kulturang pagyayamanin ng ating lahi
Ng lahing magiting
Ng lahing kapuri-puri
Ng lahing marangal.

**Gawain 1 Kapareho Ko!**

1. Panuto: Hanapin ang mga salitang may magkasingkahulugan sa bawat saknong sa ibaba at ibigay ang kahulugan nito. Isulat ang iyong sagot sa *activity notebook*.

   A. Ang kultura'y pinayayabong
   Nang may halong sigla at tuwa

   Sagot: ____________________________________________

   B. Kulturang patuloy na sumisibol at ipinapupunla ng tradisyon:
   Pampamilya, pang-eskuwela, pampolitika, panrehiyon, at pambansa
   Na dinilig ng maraming pagpapaalala, paggabay, at patnubay.

   Sagot: ____________________________________________


C. Bukas, ang kulturang itinudla ng nakaraan
At inireregalo ng kasalukuyan ay bubuhayin ng kinabukasan
Sagot: ____________________________________________

2. Ibigay ang kahulugan ng mga sumusunod na salita:

| Salita | Kahulugan |
|---|---|
| Binhi | |
| Talunton | |
| Tudla | |
| Tangis | |

**Gawain 2: Noon, Ngayon, at Bukas**

Gamit ang grapikong pantulong, ilarawan ang kultura batay sa tatlong panahong binanggit sa tula.




Sagutin ang mga tanong:


1. Ano-ano ang panahong binanggit sa tula?
   A. Ngayon, Bukas, susunod
   B. Noon, Ngayon, Bukas
   C. Bukas, Noon,Ngayon
   D. Ngayon, Mamaya, Noon


2. Sa iyong palagay, naging mabisa ba ang ginawang paglalarawan? Bakit?
   Sagot:____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________
   ____________________________________________

3. Ano ang nais iparating ng mga pahayag mula sa taludturan ayon sa:
   a. Panahon ng kawalang malay;
   b. Tangis ng pamamaalam
   c. Sinubok ng maraming taon;
   d. Kultura ay regalo ng kasalukuyan, at
   e. Sinasalamin ang pasko't Pistang Bayan

**Gawain 3. Damdamin Natin**

Isulat ang iba pang damdamin ng may-akdang makikita sa tula gayundin ang iyong sariling damdaming kaugnay ng binasang tula sa pamamagitan ng pagkompleto sa dayagram na kabilang pahina.





# *Suriin*

**Alam mo ba na...**


Ang tula ay isang akdang pampanitikang naglalarawan ng buhay, hinango sa guniguni, pinararating sa ating damdamin at ipinahahayag sa pananalitang may angking aliw-iw. Ito ay naiiba sa ibang sangay ng panitikan sapagkat ito ay nangangailangan ng masusing pagpili ng mga salita, bilang ng mga pantig at paggamit ng magkatugmang salita upang madama ang isang damdamin o kaisipang nais ipahayag ng isang manunulat.

Ang "KULTURA: Ang Pamana ng Nakaraan, Regalo ng Kasalukuyan at Buhay ng Kinabukasan" ay isang halimbawa ng tulang naglalarawan. Hindi lamang nauuri ang tula ayon sa anyo at kayarian nito. Nauuri rin ang tula ayon sa layon. Isa na rito ay ang tulang naglalarawan na nagpapahayag ng pagpapahalaga o maaaring pagkamuhi ng makata o may-akda sa isang kalagayan, pook, o panyayari

**Gawin Natin:**

A. Sagutin ang sumusunod na mga tanong: Isulat mo ang iyong sagot sa *activity notebook.*

1. Paano naiiba ang tula sa ibang uri ng akdang pampanitikan? Isa-isahin ang katangian nito.
2. Naniniwala ka bang ang tula ay mabisang paraan ng pagpapahayag ng damdamin, imahinasyon at mithiin sa buhay? Ipaliwanag ang iyong sagot.
3. Balikan ang tulang "KULTURA: Ang Pamana ng Nakaraan, Regalo ng Kasalukuyan at Buhay ng Kinabukasan". Anong mahahalagang kaisipan ang taglay nito?
4. Sa ano-anong aspeto ng iyong pagkatao nakatulong nang malaki ang tulang nabasa? Paano ito makatutulong sa iyo?



# Pagyamanin

May iba't ibang paraang ginagamit upang maipahayag ang emosyon o damdamin ng mga tao. Ilan sa mga ito ay sa pamamagitan ng:

Padamdam at maikling sambitla (hal. Galing!, Sakit!, Aray!,Wow!, Grabe!, Wow!)

Mga Pangungusap na nagsasaad ng tiyak na damdamin o emosyon ng isang tao. Padamdam ang tawag sa ganitong uri ng pangungusap. Nagpapahayag itong damdamin gaya ng galit, tuwa, lungkot, inis, o gigil.

Hal. *Kasiyahan*- Natutuwa ako at isa akong babaeng Pilipina.

*Pag-ayaw*-Pasensiya na, pero hindi ko gusto ang pagtrato sa kababaihan.

*Pagkainis*- Nakakainis talaga ang mga lalaking walang respeto sa mga babae.

*Pagtataka*- Bakit ganoon kababa ang inyong tingin sa akin?

*Pagmamalaki*- Ako'y isang babaeng malaya!

Mga pangungusap na nagpapahiwatig ng damdamin sa hindi diretsahang paraan.

Hal: Mas magandang sigurong hindi ka na magsalita (kahulugan: manahimik na lamang)

Sana kunin ka n ani Lord! (kahulugan: mamatay ka na sana)

Isa kang angel sa langit. (kahulugan: mabait at mabuting tao)

**Gawain: Pahiwatig Ko!**

Panuto: Bigyang-kahulugan ang mga pahiwatig na pahayag sa bawat bilang. Sa nakalaang patlang ay isulat at ipaliwanag ang damdamin at kahulugang nakapaloob sa nasabing pahayag.

1. Inaanay na ang mga gamit mo sa kabinet.

   Damdamin at Paliwanag: ______________________________

   ______________________________

2. Bakit nakakunot na naman ang iyong noo?

   Damdamin at Paliwanag: ______________________________

   ______________________________

3. Mahirap ang magbiyahe sa panahong ito.

   Damdamin at Paliwanag: ______________________________

   ______________________________

4. Matigas kasi ang ulo niyan, kaya't nagpalaboy-laboy sa kalye.

   Damdamin at Paliwanag: ______________________________

   ______________________________

5. Parang ang sarap pumasyal sa Japan ngayon.

Damdamin at Paliwanag: ______________________________

______________________________

## *Isaisip*

**Sagutin:**

1. Bakit mahalagang pag-aralan ang tula bilang isang akdang pampanitikan?
   Sagot:

2. Ano ang damdaming nakapaloob sa tula na iyong nakita o natuklasan?
   *Sagot:*


3. Ibahagi ang iyong karanasan na may kahalintulad sa tula sa pamamagitan ng pagsagot sa grapiko.

Bahagi ng Tula
Ang kultura'y
pinayayabong
Nang may halong sigla
at tuwa,
Nang may kasalong
pagsubok at paghamon
Kulturang sinuyod ng
kapuri-puring ugali at
marangal na kilos

Karanasan Ko!


____________________________
____________________________
____________________________
____________________________
____________________________


4. Paano naiiba ang tulang naglalarawan sa iba pang uri ng tula?
   Sagot:




5. Paano nakatutulong sa iyong buhay ang mahalagang kaisipang hatid ng mga tulang napag-aralan?

   Sagot:






## *Isagawa*

Ngayong sapat na ang kaalaman mo sa pagpapatingkad ng mga pahayag gamit ang mga salitang naglalarawan, bubuo ka na ng isang komentaryo. Ipakita mo ang iyong pagka-Pilipino. Isulat ang komentaryo sa paraang patulang naglalarawan. Bigyang-pansin mo ang angkop na gamit ng mga naglalarawang salita upang mapalutang ang uri ng tulang ito sa isang taong nakaimpluwesiya nang lubos sa iyong pagkatao.

| |
|---|
| Nagbukas ka ng iyong facebook. Nabasa mo sa nasabing site na ang DepEd Soccsksargen ay magkakaroon ng paligsahan sa paggawa ng Spoken Poetry bilang pagbibigay-pugay sa mga frontliners na lumalaban sa COVID '19 Pandemic na nararanasan ng buong mundo. Tutulain mo ito at irerekord mo ito. Pagkatapos, i-upload mo kasama ang iyong komentaryo ang video ng iyong pagtula. |




## *Tayahin*

Panuto: Bilugan ang magkasingkahulugang pahayag sa mga taludtod na nakatala sa bawat bilang. Piliin sa loob ng kahon ang gamit ng mga salitang binilugan at saka ipaliwanag sa patlang kung bakit ito ang iyong naging sagot.

| | |
|---|---|
| konotasyon | denotasyon |

1. Puting kalapati, maglibot ka sa mundo.
   Maglakbay ka hanggang sa makakaya mo.

Paliwanag ________________________________________
__________________________________________________



2. Marikit at mababangong bulaklak sa parang
   Ito ang nais ng magagandang bulaklak sa aming bayan.

   Paliwanag ________________________________
   ___________________________________________

   Gamit:

3. Papaniwalain mo ang daigdig sa kapayapaan
   Habang humihinga ka sa gabing tahimik.

   Paliwanag ________________________________
   ___________________________________________

   Gamit:

4. Pangitiin mo ang iyong mga labi sa bawat oras
   Gamitin mo ang iyong bibig sa pakikipagtalastasan
   Pigilin mo ang bunganga sa katakawan.

   Paliwanag ________________________________
   ___________________________________________

   Gamit:

II. Panuto: Pag-aralan ang bahagi ng tulang KULTURA: Ang Pamana ng Nakaraan, Regalo ng Kasalukuyan at Buhay ng Kinabukasan ni Pat V. Villafuerte at sagutin ang sumusunod na katanungan:

**BUKAS**, ang kulturang itinudla ng nakaraan
at inireregalo ng kasalukuyan ay bubuhayin ng kinabukasan
at mananatiling repleksyon ng kabutihan
kulturang gagalang sa mga bata't matanda
kulturang rerespeto sa mga babae't may kapasanan
kulturang luluklok ng pagbabayanihan at pagkakapatiran
kasaliw ng mga awiting bayan at katutubong sayaw
katali ng pagsasadula't pagbabalagtasan
diwang marangal ang ipupunla. kariringgan ng maraming wika
magkakapantay sa kalayaan at karapatan
magsasama-sama, magkakapit-bisig, magtutulung-tulungan
habang patuloy na humahakbang upang galugarin pa
ang kulturang pagyayamanin ng ating lahi
ng lahing magiting
ng lahing kapuri-puri
ng lahing marangal.


1. Hanapin ang mga salitang may magkasingkahulugan at ibigay ang konotasyon at denotasyon na kahulugan nito. (2 puntos bawat isa)

| Salita | Konotasyon | Denotasyon |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

III. A. Ipaliwanag ang kahulugan ng islogan at paano mo ito maisasabuhay batay sa larangan o lugar na nakatala sa bawat bilang. Isulat ang iyong sagot sa *activity notebook.*

*Ang kapayapaan ay hindi lamang makikita sa kawalan ng giyera o pisikal na labanan kundi sa pagkakaroon ng kapayapaan sa kalooban.*

1. Kahulugan ng Islogan Para sa Iyo.
   Sagot:



B. 1. Paano mo maipaliliwanag ang pagkakaroon ng…

A. Kapayapaan sa Sarili

______________________________

B. Kapayapaan sa Tahanan

______________________________

C. Kapayapaan sa Pakikipagkapwa

______________________________

D. Kapayapaan sa Mundo

______________________________

IV. Panuto: Kilalanin ang emosyon o damdaming ipinahahayag ng sumusunod na mga pangungusap. Piliin ang titik ng tamang sagot sa itaas. Isulat sa *activity notebook.*

A. Pagkagalit
B. Pagkatuwa
C. Pagtatampo
D. Panghihinayang
E. Pasasalamat


1. Salamat sa ginawa ninyong pagmamalasakit sa kababaihan.
2. Sayang, kung alam ko lang na ganito ang tingin nila sa amin, di sana ako umalis ng bansa.
3. Bakit hindi mo naman ako tinulungan sa gawain eh wala ka namang ginagawa?
4. Wow, ngayon ko napatunayang iba ang mga babaeng Pilipino sa mundo!
5. Grabe, di ko mapatatawad ang ginawa mong pananakit sa akin!

## *Karagdagang Gawain*

Nakarinig ka mula sa isang reporter sa radyo na nag-uulat na maraming bata sa inyong lugar ang nalululong sa masamang bisyo. Nais mong magpahayag ng iyong sariling komentaryo tungkol dito sa pamamagitan ng isang tula. . Isulat mo ito sa iyong dyornal/ activity notebook. Itataya ang iyong nabuong komentaryo batay sa sumusunod na pamantayan.

a. Kaayusan ng mga opinyon
b. Kawastuhan ng mga impormasyong ibinatay sa pananaliksik
c. Kalinawan sa pagsasalita
d. Kahusayan sa pagkokomentaryo

BINABATI KITA! Maluwalhati mong natapos ang mga gawaing nakatulong sa iyo upang madagdagan ang iyong kaalaman sa konsepto sa modyul na ito. Isang uri ng akdang tuluyan naman ang ating pag-aaralan – ang **sanaysay**.



# *Susi sa Pagwawasto*

**Pagyamanin**

Panghihinayang
Pagtataka
Pag-ayaw
Pagkainis
Kasiyahan

**Tayahin**

Denotasyon-maglibot-
maglakbay
Konotasyon-marikit-
maganda
Denotasyon-
kapayapaan-tahimik
Denotasyon-labi-bibig

IV 1. e 2. d 3. C
4.b 5.a

**Subukin**

B
SIGLA/TUWA
B
B
C
A
B
A
B
C

# *Sanggunian*

Mga Aklat


Dizon, Leovino E. et.al.MUOG Pundasyon ng Karunungan sa Filipino 9.Cavite. PISARA Publishing.2013.

Lontoc, Nestor S. et.al. Pinagyamang Pluma 9. Quezon City: Phoenix Publishing House, Inc.,2017.

Peralta, Romulo N. et.al.Panitikang Asyano 9 Modyul ng Mag-aaral sa Filipino.Pasig City:Bureau of Learning Resources(DepEd-BLR)

**PAHATID-LIHAM**

Ang Sariling pagkatutong modyul na ito ay nilinang ng Karawaran ng Edukasyon, Rehiyong SOCCSKSARGEN na may pangunahing layunin na ihanda at tugunan ang pangangailangan sa bagong normal. Ang nilalaman ng modyul na ito ay batay sa *Most Essential Learning Competencies* (MELC) ng Kagawaran ng Edukasyon. Ito ay pantulong na kagamitan na gagamitin ng bawat mag-aaral sa pampublikong paaralan ng Rehiyon XII simula sa taong panuruan 2020-2021. Ang proseso ng paglinang ay tinutukan sa paglimbag ng modyul na ito. Ito ay bersiyong 1.0. mahigit naming hinihimok ang anomang puna, komento at rekomendasyon.


**For inquiries or feedback, please write or call:**

Department of Education – SOCCSKSARGEN
Learning Resource Management System (LRMS)

Regional Center, Brgy. Carpenter Hill, City of Koronadal

Telefax No.: (083) 2288825/ (083) 2281893

Email Address: region12@deped.gov.ph